# Pamimisikleta at Iba Pang Tula

**Emmanuel Quintos Velasco**

## Pamimisikleta

Tuwing sasabayan kitang
siyang-siya sa pamimisikleta,
sa bakuran ng tinuluyan nating
hotel sa Clark, halimbawa,
tinatanong ko ang sarili
kung paano ito gagawin—
ang magtiwala sa mga bagay
na dapat munang sukuan
upang mapagtagumpayan.

Lagi kong naiisip
na sumisilip ako sa bangin,
at tiyak akong mahuhulog.
Dumidikit ang tingin sa pidal
habang sakal ang hilong manibela,
naiilang sa mga batang
magtatatawa sa isang matandang
sawi sa pagsupil sa dalawang gulong
na hindi lumalaban,
nais lamang akong ilapit
sa iyong kinaroroonan,
habang lulan ka ng bisikleta,
binababasan ang paligid
ng iyong mga tawa.

Batid mo kung saan makararating
ang kaunting pagpapaubaya.

Iangkas mo ako, maaari ba?
Lumipad tayo sa hangin!
Suungin natin ang bangin!

**Pagbili ng Dalanghita**

May isang babaeng kasing-edad mo
sa Sagada ang hindi makalimot
kung paano tinangay ng iyong tinig
ang kanyang lungkot nang tanungin mo
kung magkano ang kanyang dalanghita.

"Nubenta ang kilo.
Matamis. Tikman mo."

Kumuha siya ng isa mula sa tumpok,
sinipat, sinalat, at pagkatapos,
tinuklap ang balat na pumutok
nang bahagya, nagsaboy ng katas
na umangkas sa lamig, lumutang
hanggang marating ang ilong mo.

"Ang bango!
Amoy aginaldo!"

Muling ngumiti ang tindera.
Nagunita niya marahil ang sarili
noong hindi pa nagalaw ng hapis
ang kanyang tinig, noong hindi pa ito
marunong pumalahaw, ang kanyang tinig
noong halakhak, mababaw na iyak,
at sigaw sa kalaro ang tanging
nagtutulak ng kanyang mga araw.

Maaari din namang
natuwa lamang siya
dahil tiyak na ang benta,
ni hindi tumawad ang kausap.

## Ang Liwanag na Ito

Kilala ko ang liwanag na ito.

Hapon noon, malamig
at maulap, tulad ngayon.
Magkatabi tayong naglalakad
sa tanyag na liwasan ng Tokyo,
doon sa may estatwa ng aso.
Salitan ang kagat natin
sa kamoteng luto sa pugon,
halinhinan ang lagok ng tubig
mula sa lalagyan na ating baon.

Marahil, kaawa-awa tayo
sa mata ng mga kasalubong,
lalo na sa mga taong kulang
ang pag-unawa sa bigkis na likha
ng pitakang manipis at pata.

Hanggang, sa pagod, nagpasya
tayong umupo sa bangkong bato
sa ilalim ng punong makikisig.

Humilig ka sa akin,
at ako sa iyo.
"May pera ka pa ba?"
"Napakaganda rito," tugon mo.

Tinawid ng iyong hininga ang plaza,
at bigla, sumiklab ang pagpapakilala
ng maghapon sa magdamag.

Itong-ito ang liwanag
na naglaho noon sa takipsilim
subalit sa alaala tumiim.

**Ikaw, sa Piling ng mga Orlina**

Bumaling ka sa kaliwa
upang pagmasdan ang isang
parihabang babasagin,
maningning na lila
sa sikat ng pagod na araw
ngayong hapong tunay ang lamig
sa sulok na ito ng Tagaytay.

Isang munting kilos
at nagawa mong dalisayin,
tulad ng apoy, ang pag-unawa
sa salimuot ng mga bagay.

Makinis sa kamay, sigurado,
kahit hindi napatunayan
dahil bawal hawakan,
ang lahat ng makikita dito.

Subalit sumasabit sa mata
ang mga puyo ng pinsala sa loob,
mga hiwang ginawa, sinadya,
pampawi sa huwad na ginhawa
ng buhay na walang gana.

Aling obra ang hindi
dinampian ng sugat?

Aling sugat, nang maghilom,
ang hindi naging alamat?

## Pagkatapos ng mga Alitaptap

Hindi raw maalala ng ating anak
ang pagpunta natin sa mga alitaptap,
kung paano, lulan ng bangka,
pumasok tayo sa bunganga
ng ilog na nakabuka sa dagat
upang sadyain ang isang punong
tila huklubang nakatayo sa pampang.

Hindi niya maalala ang mabagal
na pagkalat ng dilim, at ang unti-unting
paglitaw ng mga munting ilaw, animo
mahiwagang ambon ng luha
mula sa mata ng mga di-nakikita.

Ilang sandali pa, naging tagaktak
ang ambon ng liwanag,
at naglaho sa paningin ang puno,
ang mga bato sa pampang,
ang lahat, maliban sa kanila,
tumatawag sa isa't isa,
nagmamahika.

Di man niya maalala,
dadalaw ang mga alitaptap
sa panaginip isang gabing
tila ilog ang kanyang luha.

Natatandaan ko,
yakap mo siya noon sa bangka,
nakangiti at tulala,
mahigpit ang kapit sa iyong bisig,
di alintana ang dilim.

## Umaga sa Dalawang Ilog at Apat na Lawa ng Guilin

Tila isa ako sa mga palakang
bato na nakatingala sa mga pagoda
ng araw at buwan, magsing-irog,
taas-noong nakatanaw sa artipisyal
na pagpapaapaw ng mga kanal
upang mapagdugtong ang di pantay
na tubig ng mga ilog at lawa nitong lungsod.

Nagmumulat pa lamang ng mata
ang liwanag, bumabangon
mula sa likod ng gusali kung saan,
sa aking isip, sariwa pa
ang iyong mga panaginip.
Ilang sandali pa, gigising ka na rin
at mapupuno ng pagtataka dahil nag-iisa.
Subalit saglit lamang iyon, hindi tulad
ng iyong pag-unawa sa akin.

Walang magiging anuman sa iyo
magpatuloy man ako sa pagtahak
ng landas na itong lumilibot
sa gilid ng tubig, lumalagos sa harding
natatamnan ng mga di ko kilalang halaman.
Mapapabilang ako sa maraming
taga-rito na tumatakbo, nagpapaaraw,
naninigarilyo, namamanglaw,
nagkakamot ng ulo, sumasayaw
sa kumpas ng tai-chi, naglalakad
at namimili ng maliliit na balot
ng biskuwit para sa batang
kanilang hila-hila o karga-karga.

Sa banda roon pa, may arkong-tulay
na nananalamin, at sa pananalamin,
nagiging ganap itong bilog,
kalahati ang nasa tubig na hindi gumagalaw
malibang kalabitin ng higanteng tutubi
o halikan ng isda mula sa ilalim.
Hanggang dumating ang isang bangkang
lalagos sa ilalim ng tulay, bangkang
magdaraan lang, hindi magtatagal,
ngunit walang pakundangan nitong
wawasakin ang perpektong larawan.

Samantala, ako'y isang palakang bato,
nakatitig, hindi sa mga pagoda,
kundi sa gusali kung saan
bumangon ka na mula sa kama,
nakaupo na sa may bintana,
nakatanaw sa tubig
na bagong ligo sa liwayway,
nag-iisip kung saan ako dinala
ng umaga at ng mga paa.